# HAPLOS NG MAKABAYANG PAG-UNAWA SA PAGTUTURO NG PANITIKAN

*Ni:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Sinasalamin ng panitikan ang kasaysayan ng ating bansa.

Totoong maraming dulog sa pagtuturo ng panitikan. Integrasyon ng gintong aral, paghasa sa kasanayang pagbasa, kultural na aspekto at haplos ng makabayang pag-unawa ang ilan lamang sa mga ito. Mahalagang bigyang pansin ng isang makapangyarihang guro ang pagtuturo ng panitikan rin ng pagkamakabansa at pagmamahal sa sariling lahi.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Pinakikilos ng panitikan ang makabansang adhikain at pinatitibok ang makabayang pag-unawa. Sa ganitong perpektiba, maituturing na mahalaga ang tungkulin ng isang makapangyarihang guro sa panitikan upang ang hangaring ito ay makamit.

Sa kasalukuyan, kung saan namamayapag ang pag-usad ng modernong panahon ay malaking hamon sa isang guro ang kahalagahan ng pagtuturo ng panitikan sa pag-usad ng globalisasyon. Ano ba ang tungkulin ng panitikan sa kamalayang makabayan ng isang mag-aaral? Paano ba ito magagamit upang mapalawak pa ang kamalayan ng mga mag-aaral sa sariling bayan? Ilan lamang ito sa katanungan ng maraming guro na nagtuturo ng panitikan. Dapat na maging malinaw sa kaninumang guro sa Filipino na hindi madali ang tungkuling ito.

Sa katanunayan, malaki ang maiaambag ng panitikan upang ang isang mag-aaral ay maging matalino at mapagmahal sa kanyang sariling bayan. Sinabi ni Maningas (1993) na ang pagkamakbayan ang isa sa mga susi upang ang bansa ay umunlad. Kaya naman

sa pamamagitan ng tamang dulog sa pagtuturo ng panitikan na may haplos ng makabayang pag-unawa ay nagsisilbi itong behikulo ng malawak na kamalayang panlipunan. Inuugnay ng mahusay na guro sa panitikan ang mga pangyayari sa teksto sa mga isyung panlipunan na nagmumulat sa batang mag-aaral ng mga realidad ng buhay. Marahil iisipin ng ilan na ang pagtuturo ng panitikan ay paraan lamang upang mahasa ang mag-aaral sa kasanayang pagbasa, ngunit ang totoo'y makatutulong din ito upang ang mag-aaral ay makapag-isip ng tamang solusyon sa mga suliraning pambansa at global na masasalamin sa mga panitikang itinuturo ng guro. Hindi ba't ang mga mag-aaral na ito ay hinuhubog na maging ganap nang sa gayon, pagdating ng panahon ay maging kapakipakinabang na miyembro ng lipunang kanyang kinabibilangan? Ibig sabihin, ang guro ay mahusay dapat na magabayan ang puso't isip ng mga mag-aaral tungo sa kamalayang pansibiko.

Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging makabayan. Ito ay napatunayan na ng ating kasaysayan hanggang sa kasalukuyan. Ngunit kung minsan ay naaanod ito ng daluyong ng modernisasyon at globalisasyon. Hindi ibig sabihin na ang bansa ay tapos na sa panahon ng pananakop ay hindi na pagtitibayin ang makabayang isipan ng bawat isa. Nakasalalay ang maraming birtud sa makabayang adhikain. Ang lipunan ay kumikilos dahil dito. Upang ito ay maisakatuparan, ang guro ang magtataguyod nito sa pamamagitan ng pagbabad sa mga mag-aaral ng konteksto ng mga panitikan.

*Sanggunian:*

Maningas, I. . (1993). Kasipagan, Pagkamakabayan, At Pagkamaka-Diyos: Implikasyon sa Kaunlaran ng Bansang Filipinas. MALAY, 11(1). Retrieved from http://www.ejournals.ph/form/cite.php?id=7796